# Mas Malakas Ka Kaysa sa Iniisip Mo

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Mik R. Flores, TLF Executive Head Servant
January 9, 2021

Tulad ng ating pisikal na katawan, nangangailangan din ng lakas ang ating kaluluwa. Ang ating katawan ay kailangang malusog sa oras ng pagsubok, para hindi tayo mahirapang harapin ang mga hamon ng buhay. Bagama't takot tayo sa ating mga kahinaan at ang ating bukas, may magandang plano ang Diyos sa atin (Rom. 8:28). Ang Diyos, ang dakilang manghahabi, ay iniugnay Niya ang kanyang sarili sa atin para maski ang pinakamahinang himaymay ng ating katawan ay magiging matagumpay. Tulad ni Josue, ang pagsalabid natin sa pag-ibig ng Diyos ay ang pinagkukunan natin ng lakas at tapang (Deut. 31:6) para harapin ang mga hamon ng mundo.

**Alamin bakit, paano at ano ang layunin ng Diyos sa paghahabi ng Kanyang sarili sa atin para magkaroon tayo ng bagong pananaw sa pakikipag-ugnayan sa Kanya.**

**1.Bakit?**

**1.1" Ang Diyos ay gumagawang kasama ang mga nagmamahal sa Kanya" (Rom. 8:28).**

- 1.1.1Patuloy tayong inaanyayahan ng Diyos para magkaroon ng maganda at malalim na relasyon sa Kanya.
- 1.1.2"Tunay , Yaweh, di ko mataho ang iyong isip, ang dami ng iyong balak ay hindi ko nababatid; kung ito'y bibilangin ay sindami ng buhangin, sasaiyo pa rin ako kung umaga na magising" (Awit 139:17-18).

**1.2. Mas kilala Niya tayo kaysa sa pagkakilala natin**
**sa ating sarili.**

- 1.21.Sa mula't mula pa'y may magandang plano na ang Diyos sa atin (Rom. 8:29). Sa ating pagpapakumbaba, isuko natin ang ating sarili sa ating Tagapaglikha at hayaan Siyang manguna sa ating buhay para masunod ang plano Niya sa atin.

**1.3. Pamilya tayo ng Diyos.**

- 1.3.1Bilang pamilya ng Diyos, nahabi tayo para makamukha natin Siya.
- "1.3.2 Sapagkat sa mula't mula pa'y alam na ng Diyos kung sino ang sa Kanya; ang mga ito'y itinalaga niyang maging ng Kanyang mga Anak" (Rom. 8:29).

**2.Paano?**

**Hinahabi ng Diyos ang maganda at di magandang pangyayari sa ating buhay.**

2.1 Si Haring David at Joseng mapangarapin ay nakaranas ng mga pagsubok sa kanilang buhay ngunit ginamit ito ng Diyos para sa kabutihan ng mundo.

2.2"Masama nga ang inyong ginawa sa akin, subalit ipinahintulot iyon ng Diyos para sa kabutihan, at dahil doo'y naligtas ang marami" (Gen 50:20).

**3.Ano (Layunin)?**

**Gusto ng Diyos na ibahagi Niya ang Kanyang sarili, kabutihan at Kanyang kapangyarihan.**

3.1"At ang mga itinalaga niya noong una pa ay kanyang tinwag. Ang mga tinawag niya ay kanya ring pinawalang-sala, at ang kanyang mga pinawalang-sala at kanya naman binigyan ng karangalan" (Rom 8:30).

**Konklusyon:** Naging masaya ang buhay natin noong kasama natin ang Diyos sa mga masasayang araw, mga tagumpay at mabuting kalusugan; ngunit, tinatanong natin ang Diyos tuwing tayo'y nakararanas ng pagsubok. Dumarating ang Diyos sa lahat ng pagkakataon ng ating buhay, at lalong-lalo na sa oras ng pagsubok. Inihahabi Niya sa atin ang Kanyang sarili para maging mas malakas tayo, hindi dahil sa ating sariling kakayahan, kundi dahil sa tulong ng Diyos. Kaya't huwag tayong sumuko dahil mas malakas tayo kaysa sa iniisip natin sa awa at grasya ng Diyos.

**Pagninilay:**

1.Ano-anong pagsubok at hamon ang mga isinuko mo sa Diyos?
2. Paano mo ngayon pinalalakas ang iyong sarili ngayong alam mo na may plano ang Diyos sa buhay mo?
3. Paano mo palalakasin ang iyong pamilya, mga kaibigan at ang iyong pamayanan?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials